**Carlos M. Piocos III**\Mula sa *Kung ang Siyudad ay Pag-ibig*

# Refugee

Mahirap matagpuan ang sarili
sa gitna ng dilim ng gubat.

Paano nga ba natin nagagawang iwan
ang lahat para lamang makaligtas?

Kani-kanina lamang ay hinahabol ako
ng mga kahol ng aso at mata ng flashlight.

Bago iyon, ay mabilis kong binagtas
nang walang lingon-lingon ang tulay

na naghihiwalay sa magkalaban nating bayan,
nilagpasan ang mga naligaw na tolda sa daan,

ang mga nag-iinumang tambay sa tindahan,
ang mahihimbing na paghilik ng hatinggabi

at mahihinang himig ng dayuhang awit
bitbit ng usok mula sa siga ng madaling-

araw na pagwawalis ng matatanda.
At ngayon, narito ako sa harap ng pinto

ng iyong Lungsod upang magpakupkop.
Tinalikuran ko na ang aking anino,

itinakwil ang luma kong apelyido,
ikinondena ang sinasambang

mga sinaunang anito, tumiwalag
sa pinanampalatayaang liwanag,

kasama ng alaala ng mga dating lihim,
lumang liham, at mga sinunog na kasulatan.

Isinusuko ko na sa iyo ang aking kasaysayan
at ang mga alamat ng aking pinanggalingan.

Hayaan mong maging aking bagong
nasyonalidad ang iyong pangalan.

# Paliparan

Naghabulan ang mga paslit sa bukas
na bukas na bukid bitbit ang kanilang
mga saranggola isang mahanging tanghaling-
tapat na nakadungaw ka mula sa iyong beranda.
Nagpaligsahan kung sino sa kanila ang unang
makakarating sa gitna ng parang. Narinig mo
pa ang harot ng kanilang hagikgikan mula sa iyong
pagkakaupo at saka mo naisip na mukha silang
mga lamanlupang may makukulay na pakpak
at buntot dahil sa pagkakakabit ng mga guryon
sa kanilang likod. Tila nangangalap ng hanging
paimbulog at umaakmang sisibad paitaas
ang tulin ng kanilang pagtakbo. Huminto sila
sa sentro ng bukid at saglit na sumakot
bago iitsa ang kanilang saranggola sa ere,
sabay saklot sa lumilipad na ring estambre.
Sa iyong kinatatayuan, mas malalaki na't matatayog
ang mga guryon na humahapay-hapay sa himpapawid

habang papaliit nang papaliit ang mga batang
nakakapit sa kani-kanilang mga sinulid. Isang maselang
sining ang pagpupulso sa salisihang paghigpit
at pagbitaw sa pisi ang pagpapalipad ng sapi-sapi.
Ganito marahil tayo natututong maghangad
makalunsad, makalapag, at magkapagpanibagong-
lungsod sa mga mas ginintuang parang, mas makikinang
na mga dagat, at mas mahihiwagang mga disyerto
sa mga pagpapalipad-hangin natin sa mga tag-araw
ng ating pagbulas. Hindi natin alam na sa tuwing
kailangan nating bitawan ang natitira nating
mga lubid, tingalain kung paano dalhin sa langit
ng malakas na bigwas ang mga hinubad nating pakpak,
hintaying bitiwan magmuli ng mga ulap, ibagsak sa bitak-
bitak na lupa upang ating takbuhin, pulutin, at muli
na namang maibato sa hangin ang ating panalanging
makalipad ay nagsasanay tayo sa mga ritwal
ng pagpapaubaya't pananabik, pag-alis at pagbabalik.

# Itineraryo

Madaling-araw na nang nakarating tayo rito.
Matapos damputin ang mga bagaheng
naka-check-in, lumabas tayo sa arrivals para makahanap
ng mayoyosihan. Long haul ang flight kaya halos
buong araw tayong walang nikotina sa katawan.
Inilabas ko ang sigarilyong nakatago sa bulsa
ng backpack at bago pa natin ito masindihan, ay may lumapit

na lalaking Puti, nakahalukipkip at seryoso ang mukhang nanghihingi
ng yosi. Sandali rin tayong kinabahan sa posibilidad na ipalabas
sa atin ang ating mga pasaporte, tanungin tayo ng *saan*
*ka nanggaling, ano'ng pinunta mo rito, magkano'ng binaon*
*mong pera, kailan ang uwi mo?* Nakailang beses na rin tayong
dumaan sa ganitong mga interogasyon, at ngayong nakalapag

na tayo sa ating destinasyon, kampante nang nagyoyosi
habang naghihintay ng taxi, nararamdaman pa rin
nating may mga naiwan pang ilang bahagi ng ating kaluluwa
sa loob ng airport, nakapila sa immigration, nakaupo
sa eroplano, nakatayo sa security check, nag-aabang ng masasakyan
papuntang paliparan, nag-iimpake para sa malayong biyahe,
nag-aapply ng visa, nakaupo sa opisina at patakas na nagbu-book
ng flight habang nagkukunwaring abala sa trabaho, o magkatabi
sa kama habang nangangarap makapunta sa ibang panig ng mundo.

Nakahinga lang tayo nang maluwag nang umalis
ang lalaking hithit-hithit ang isang stick ng sigarilyo
mula sa aking kaha. Habang nagyoyosi, napatingin tayo
sa Siyudad, sa malalim na hatinggabi, sa hamog
ng taglagas, sa malamlam na ilaw ng kalsadang
hindi kayang burahin ang kulay ng ating mga balat.